# PAKIKINIG: ISANG MAHALAGANG KASANAYAN

*by:*
**Jacqueline R. Dela Rosa**
*Teacher III, Justice Emilio Angeles Gancayco Memorial High School*

Ang tao ay pinagkalooban ng Diyos ng dalawang tainga at isang bibig. Ito ay nangangahulugang ang tao ay dalawang beses na dapat makinig kaysa magsalita. Gaya ng pakahulugan sa kasabihan, ang pakikinig ay isang pangunahing kasanayan na kailangan ng tao sa kanyang buhay.

Napakahalaga ng pakikinig sa buhay ng sinuman. Sa pamamagitan ay natutuklasang makabuluhan ang bawat tunog o salitang naririnig lalo't ito'y patuloy na nagiging bahagi ng araw- araw na gawain. Maraming pag- aaral ang nagpapatunay na gumugugol ng 70% sa pang-araw- araw na gawaing pangkomunikasyon ang mga nasa tamang gulang, 10% sa pagsusulat, 15% sa pagbabasa, 30% sa pagsasalita, at 45% sa pakikinig. Ang walang humpay na paggamit ng cellphone, radio, telebisyon, at iba pa ay mahalaga. Sa pamamagitan ng kasanayan sa pakikinig, naisasakatuparan ng mga tao ang lahat ng mga gawaing nabanggit (Renukadevi, 2014).

Ang pakikinig ay isang kasanayang nangangailangan ng pang- unawa, pagbibigay kahulugan, pagtataya, at pagsasagawa ng anumang narinig. Ito ay karugtong at kaugnay ng iba pang kasanayan sa wika – pagsasalita, pagbasa, at pagsulat (Liubinienė, 2009). Dahil dito, mahalagang isaalang- alang ang mga layunin sa pakikinig, makakuha at makipagpalitang ng impormasyon; matamo ang pagkaunawa; mapasaya ang sarili; at makibahagi sa mga pangyayaring nagaganap sa lipunan. Ayon kay Villafuerte (2005), ang pakikinig ay puhunan para sa mabilis at mahusay na pakikipag-ugnayan ng tao sa kanyang kapwa. Nanaisin ng isang doctor na mapakinggan muna ang karaingan ng kanyang pasyente bago siya magtakda ng gamot para dito. Gayundin, sa

ibang larangan, mahalagang mapakinggan muna ang kausap bago siya magbigay ng komento at desisyon.

Ang pakikinig ay napakahalaga rin sa proseso ng komunikasyon. Una sa lahat, ito ang pinakamahalagang kasanayan upang matutunan ang anumang wika na siyang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Ang kasanayang ito ay nangangailangan ng inisyatibo o kagustuhang maunawaan ang kahulugan ng mga naririnig na tunog at kataga (Tyagi, 2013). Ito ay kinakailangan upang lubos na maunawaan ang mensahe na katumbas ng mga tunog at salitang pinakikinggan. Kinakailangan din ang matamang pakikinig upang makapagbigay ng naaayon at wastong tugon sa menaheng pinakinggan (Renukadevi, 2014).

Sa anumang aspeto ng buhay, maging sa edukasyon, sa iba't- ibang larangan, at sa simpleng pakikipagtalastasan, ang pakikinig ay isang mahalagang kasanayan upang makapamuhay nang maayos ang isang tao at upang maisakatuparan niya ang kaniyang mga layunin at hangarin sa buhay. Ito ay isang kasanayang nangangailangan ng palagiang pagsasanay at oportunidad na magamit sa iba't- ibang konteksto. Ito ay kasanayang kailangang linangin ng bawat isa sa kani- kaniyang pamamaraan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Liubinienė, Vilmantė. "Developing Listening Skills in CLI." Central and Eastern Online Library (2009): pgs. 89- 93.

Renukadevi, D. "The Role of Listening in Language Acquisition; the Challenges & Strategies in Teaching Listening." International Journal of Education and Information Studies, Volume 4, Number 1 (2014): pgs. 59- 63.

Tyagi, Babita. "Listening : An Important Skill and Its Various Aspects." The Criterion: An International Journal in English (2013).